Huwag Maging Biktima sa Pangangalakal ng mga Tao





"Makakuha ako ng trabaho para sa iyo sa Kanada."



Department of Justice Canada | Ministère de la Justice Canada

Canada

Ang pangarap

Ang tao na naghahandog ng tulong sa iyo na pumunta sa Kanada ay baka sakaling sabihin sa iyo ang tungkol sa lahat na oportunidad na mayroon para sa iyo dito at ang lahat na pera na kitain mo. Ang lahat ay magandang pakinggan.

Ang pagnenegosyo ng mga tao ay ilegal. Ang mga negosyanteng ito ay naglilipat ng mga tao mula sa isang bansa at sa ibang bansa at sila ay pinagsamantalahang pinagtrabaho ng mga hindi kalugod-lugod na gawain at minsan ay mapanganib na mga gawain sa mahabang oras na ang bayad ay kakaunti o wala. Ang negosyong ito ay komersyal ng mga alipin sa siglong ika-21.

Mag-iingat, mayroong ibang mga tao na hindi nagsasabi ng totoo at ginawang negosyo ang mga tao.

"Ito ay hindi tama — ang mga taong gumagawa nito ay dapat ilaga

Ang katutuhanan

Nakalulungkot, natuklasan ng maraming tao, ngunit sa huli na, na ang mga pangako na ibinigay ng mga ilegal na negosyanteng ito ay kasinungalingan. Nakatagpo kami ng mga tao mula sa mga bansa sa buong daigdig. Ito ang nangyayari sa kanila nang sila ay dinala sa Kanada ng mga negosyanteng ito.

- Sila ay binabantayan sa lahat na oras at sila ay hindi nakakalabas sa kanilang sarili.
- Sila ay pinipilit ng walang protekta o mapanganib na pakikipag-talik *(sex)* sa mga taong hindi kilala.
- Sila ay binabantaan, binubogbog, ginagahasa o pinaparusahan.
- Sila ay hindi binabayaran sa trabahong ginawa nila.
- Sila ay hindi pinahintulutan na makapag-salita sa ibang tao o makipag-kaibigan sa mga Kanadyan.
- Sila ay sinasabihan na sila ay kailangang magtrabaho hanggang mabayaran ang kanilang utang at ang kanilang utang ay lalong lumalaki, hindi lumiliit.
- Sila ay hindi makakuha ng mga serbisyong pang-medikal o tulong kung ito ay kainakailangan nila.
- Sila ay hindi makatakas dahil sila ay mapilitang pangbintangan na lumabag sa batas at natatakot.
- Ang kanilang mga pamilya na naiwan sa kanilang bansa ay tinatakot na dahasin at sasaktan.

Mahirap tumakas sa mga ilegal na negosyante. Alam ng mga negosyanteng ito kung paano ang mga tao makaramdam ng panghihina at takot. Alam nila kung paano humuli ng mga tao na mabihag na sitwasyon. Sila ay kasali sa kawing-trabaho ng organisasyon na ito. Mag-ingat lamang. Ang mga negosyanteng ito ay nakikinabang mula sa iyong pinagtrabahoan at hindi ka nila bibitawan.

y sa kulungan. Hindi kami mga hayop — ang mga hayop nga ay maligaya.”

- sinabi mula sa isang biktima ng ilegal na negosyanteng ito na nadala sa Kanada:

Ang Mensahe na mula sa gobyerno ng Kanada

Kami ay nasisiyahan na ikaw ay interesado na pumunta sa Kanada. Ipinagpupuri namin ang aming bansa at sa lahat na ina-alok na mamamayan, mga baguhang dating at mga bumibisita.

Ang Kanada ay may sinusunod na patakaran sa palakad para sa mga taong gustong pumunta sa Kanada bilang mga dayuhan, pansamantalang mang-gagawa, estudyante o mga bisita. Mayroon din kaming mga naiibang palakad upang maitanggol ang mga takas na nasa panganib at kailangang umalis sa kanilang sariling bansa. Kung puwede sundin lamang ang aming mga tuntunin kung gusto mong pumunta sa Kanada.

Kailangan mong malaman na ang Kanada ay sumali sa maraming bansa sa buong mundo para subukan na mahinto ang pangangalakal ng mga tao. Ang mga negosyanteng ito ay kumukuha ng mga tao sa pamagitan ng pangakong mabigyan sila ng magandang trabaho sa mga bansang katulad ng Kanada ngunit pinilit sila sa trabahong mapanganib at hindi kalugod-lugod na kalagayan. Ang mga negosyanteng ito ay nagsinungaling sa mga tao tungkol sa mga trabaho na kanilang gawin, pinilit silang magtrabaho na ang bayad ay kakaunti o wala, pigilin sila sa pagtakas at minsan sila ay ibinta sa iba.

Ang batas namin ay mabigat na mayroong bayad at nakatakdang bilanggoan para sa mga negosyanteng ito na lumalabag sa batas. Hindi namin gusto na ang Kanada ay makasali nitong modernong-araw na komersyal ng mga alipin.

Ang tanggapan ng Imigrasyon ng Kanada sa iyong sariling bansa ay makapagsabi sa iyo kung paano pumunta sa Kanada sa legal na paraan. Ang Embahada ng Kanada o Konsul na malapit sa iyo ay makapagsabi sa iyo kung saan makahanap ng lokal na tanggapan ng Imigrasyon ng Kanada.

Kailangan mo ng permiso sa trabaho para magtrabaho sa Kanada

Ang mga banyaga na lumalakbay sa Kanada na may balak magtrabaho sa Kanada ay talagang dapat mayroong permiso sa trabaho. Ikaw o ang iyong magiging amo o paglilingkuran ay dapat umaplay para sa permiso sa trabaho mula sa tanggapan ng imigrasyon ng Kanada sa iyong bansa bago ka umalis. Talagang dapat mayroon kang permiso sa trabaho sa panahon na ikaw ay pumasok sa Kanada kung ikaw ay may balak magtrabaho sa Kanada.

Mga batas na makapaghinto sa ilegal na negosyo

Ang Kanada at ibang mga bansa ay gustong hintuin ang mga ilegal na mga negosyante sa pagpapadala ng mga lalaki, mga babae, at mga batang musmos mula sa isang bansa hanggang sa ibang bansa sa ilegal na hangad. Sa halip na magbibinta ng mga druga, ang mga kriminal na ito ay nagbibinta ng mga tao. Ang mga negosyanteng ito ay sabihin sa mga tao na sila ay pupunta para sa magandang trabaho sa mga bansa na sila ay magkaroon ng magandang buhay at makakakita ng mas maraming pera kaysa kanilang sariling bansa. Hindi ito ang mga nangyayari.

Ang mga kriminal na ito ay pumipilit sa mga tao na magtrabaho ng mga hindi kalugod-lugod at mapanganib na mga trabaho sa mahabang oras na hindi binabayaran kung ano ang dapat nilang matanggap. Sila ay sakaling mananakit ng mga tao na sino mang hindi susunod sa kanila o tumangkang lumayas. Sakaling saktan ang iyong pamilya na naiwan sa iyong bansa para hintuin ka sa pag-alis sa iyong trabaho. Sakaling ikaw ay pwersahin sa pagdudruga at paglabag sa batas. Gawin ka nilang matakot sa pagtakas sa sitwasyon. Ikaw ay kanilang bilanggo

Ang pagbibinta at pamamahala ng mga tao sa ganitong paraan ay ilegal sa Kanada at maraming ibang bansa sa buong daigdig.

Sa Kanada, ang taong natuklasan na may-sala sa pagnenegosyo ng mga tao ay magmumulta ng $1,000,000 at mabilanggo habang buhay.

Batas ng Kanada

Sa Kanada, kriminal ang:

pagsasalakay na krimen

- hampas, tadyak, suntok, kurot, o pagsampal ng tao, kasali ang iyong asawa na babae o asawa na lalaki
- pagbantaan na sasaktan ka, iyong anak, myembro ng pamilya o kaibigan
- itago ka sa isang lugar at hindi ka pahintulutang pumunta o umalis o makipag-ugnay sa iba
- pakikipag-talik *(sex)*, kasali ang iyong asawang babae o asawang lalaki kung hindi sila pumayag na makikipag-talik

pakikipagtalik at druga na krimen

- pag-anyaya ng tao sa publikong lugar na gusto nilang makikipag-talik sa iyo na may bayad.
- nasa lugar kung saan ang mga tao ay nagbabayad para makiki-pagtalik
- nababuhay sa pera na kinikita mula sa serbisyong pakikipag-talik
- pagpilit sa tao na makikipag-talik sa isang tao ngunit hindi gusto nito
- pagbili ng serbisyong pakikipag-talik sa tao na ang edad ay mababa pa sa ika-18 taon
- pagkakaroon ng ilegal na druga tulad ng *marijuana, hashish, cocaine at heroin* o pagbibigay , pagbibinta o paghahatid ng ilegal na mga druga sa isang tao.

Sa Kanada mayroong mga batas na nagpoprotekta sa mga manggagawa. Ito ay labag sa batas ang:

- pagpapatrabaho sa tao na walang bayad
- pagpapatrabaho sa tao ng sunod-sunod na mga araw na wala man lang pagpapahinga
- pagpapatrabaho sa tao sa mapanganib na lugar kung saan delikado magtrabaho.

Ang Kanada ay seryoso tungkol sa pagpapahinto sa mga gumagawa ng ilegal na pag-nenegosyo ng mga tao. Ikaw ay makakatulong. Huwag pumunta sa Kanada sa ilegal na pamaraan o pagtatrabaho ng ilegal na mga gawain sa Kanada. Kung pumunta sa Kanada pagkatapos ang trabaho ay ilegal o nagtatrabaho kung saan kinokontrol ka ng pinaglilingkuran at ang trato sa iyo ay parang alipin, tumawag sa polisiya. Sabihin mo kung ano ang nangyayari. Sakaling ito lamang ang paraan para ikaw ay makalabas sa ganitong sitwasyon. Pero, mag-iingat ka. May mga pinaglilingkuran na sinungaling at ang mga kriminal na nagnenegosyo ng mga tao ay mga mapanganib at subukin kang hintuin sa pakikipag-usap sa polisiya.

Ang mga bata ay peligro, Rin

Ang mga ilegal na negosyanteng ito sumusubok minsan na bibili ng mga bata sa kanilang mga magulang o kinukumbinsi ang mga magulang na ang kanilang mga anak ay ipapadala kung saan sila ay makakakita ng pera para sa pamilya. Ang mga batang musmos na layas ay mahihina ang loob sa mga ilegal na negosyanteng ito.

Ang mga batang musmos ay ang madalas na madaling mapasubo sa pangangalakal ng druga at pakikipag-talik.

Mga tanong at mga sagot

T: Hindi ako segurado na ako magtitiwala sa tao na nag-aalok sa kin ng trabaho sa Kanada. Ano ang dapat kong gawin?

S:

1 Mag-iingat. Sa Kanada, mayroon kaming kasabihan "Kung ito ay masyadong magandang pakinggan parang totoo, baka sakali nga." Huwag magpahuli sa mga pangakong pera. Baka sakaling ikaw ay magbabayad sa huli sa mga mali sa iyong buhay.

2 Huwag kang magsabi nang ano man tungkol sa sa iyong pamilya at kung saan sila nakatira. Baka gagamitin ng mga kriminal ang impormasyong ito para gawin mo ang trabaho na ayaw mong gawin. Kung ikaw ay pupunta sa Kanada at sumubok na lumayas sa kanila, baka sasaktan nila ang iyong mga anak o mga magulang o ibang myembro ng iyong pamilya na naiwan sa iyong bansa para ikaw ay kontrolin nila.

3 Alamin ng mong mabuti ang tungkol sa taong nag-aalok sa iyo ng trabaho, tungkol sa trabaho at tungkol sa adres na iyong pagtatrabahoan. Magsususpetsa ka kung ikaw ay sinasabihan na ang impormasyong ito ay sekreto.

"Huwag maniwala sa mga kasinungalingan. Wala akong kalayaan, walang pera, walang kaligayahan…Pumigil sa tahanan – kasama mo man lamang ang iyong pamilya at mayroon ka pang respeto sa iyong sarili.
- Sinabi mula sa isang biktima ng ilegal na negosyong ito

4 Ibigay mo sa iyong pamilya o mga kaibigan ang lahat na impormasyon na mayroon ka tungkol sa taong tumulong sa iyo na magpunta sa Kanada, ang iyong trabaho at ang lugar na kung saan ka magtrabaho bago ka umalis.

T: Ina-alok ako ng trabaho bilang isang "taga-aliw". Anong uring trabaho ang aking gagawin?

S: Kailangan mong magtanong sa taong nag-alok sa iyo ng trabaho kung ano talaga ang iyong ina-asahang gagawin. Subukan mong pumirma ng kontrata sa taong ito. Sa kontrata ay kailangang nakasabi nito kung ano ang iyong gawain, kung saan mo ito gagawin at magkano ang bayad mo sa gawaing ito.

"Taga-aliw" ay sakaling kasabihan lamang na ikaw ay magtatrabaho sa pangangalakal ng pakikipag-talik. Ilan sa mga trabahong pangangalakal ng pakikipag-talik ay legal, halimbawa, pagsasayaw ng hubo't hubad na walang kasamang paghihipo. Ngunit karamihan sa trabaho ng pangangalakal ng pakikipag-talik ay ilegal, halimbawa, kung nasa bahay-aliwan kung saan ang mga tao ay nagbabayad ng pera para lang makikipag-talik.

T: Gaano ba katagal ako magtatrabaho sa aking pinaglilingkuran na nagdala sa akin dito sa Kanada?

S: Walang pinaglilingkuran na makapilit sa iyo na tumigil sa trabaho. Pero, mga sinungaling na mga pinaglilingkuran ay baka ikaw ay binabantayan parati sa lahat na oras upang ikaw ay hindi maka-alis. O, baka ikaw ay bantaan nila na ibalik ka sa

iyong sariling bansa o saktan ka o iyong pamilya kung ikaw ay aalis sa trabaho na ibinigay na sa iyo.

T: Sinabihan ako na ang trabaho ay kikita ng higit na pera na aking kinikita sa anim na buwan dito? Ito ba ay posible?

S: Baka hindi. Mga sinungaling na pinaglilingkuran ay magsisinungaling tungkol sa kung magkano ang iyong kikitain at maghanap sila ng mga paraan na mabayaran mo pabalik halos lahat na pera na iyong kinikita. Sabihin nila sa iyo na kailangan mong bayaran sila sa pagkain, para sa lugar na iyong tulugan, sa pagdala sa iyo dito sa Kanada. Pati, ang mga bagay na bibilhin sa Kanada ay mahal. Baka sakaling pakinggan ito ay parang maraming pera ngunit matutuklasan mo na lang na ito ay hindi sapat para sa magandang lugar na tirahan at para sa pagkain.

T: Sa panahon na ako ay nasa Kanada na ako ba ay makapaglakbay sa Kanada at papunta sa Estados Unidos?

S: Ikaw ay makapaglakbay kahit anong oras sa Kanada kung ikaw ay pumunta sa Kanada sa legal na paraan at mayroon kang legal na pasaporte at permiso sa trabaho. Kailangan mong umaplay sa gobyerno ng Estados Unidos para makakuha ng permiso sa pagpasok sa Estados Unidos. Ang gobyerno ng Estados Unidos ay siyang magpasya kung ikaw ba ay makapunta sa Estados Unidos o hindi sang-ayon sa patakaran.

"Araw-araw ay pareho, wala akong kalayaan, wala akong mapagpilian. Ang aking mapagpilian lamang ay ibinta ang aking katawan o hindi ako mabubuhay."
- Sinabi mula sa isang biktima ng ilegal na negosyong ito

Ang taong nagnegosyo ng ilegal ng mga tao ay sakaling ikaw ay hintuin sa paglakbay sa pamagitan na kukunin sa iyo ang iyong pasaporte at permiso sa trabaho. Ito ay isa sa mga pamaraan sa mga ilegal na negosyante para ikaw ay makulong sa lugar na ayaw mo doon, gumagawa sa trabaho na ayaw mong gawin. Seguradohin mo na ang iyong pasaporte at permiso sa trabaho ay nasa iyo sa lahat na panahon. Huwag na huwag mong ipahintulot na iba ang magtago nito.

T: Mayroon bang organisasyon sa bansa ko na makatulong sa akin makapagbigay pa ng impormasyon?

S: Sa ilang bansa, may mga organisasyon na karapatan ng tao na sumasagawa para maprotektahan ang mga tao na maging biktima sa mga ilegal na negosyante. Siya rin, ang organisasyon ng Bansang Nagkakaisa tulad ng Organisasyon ng mga Manggagawa na Pandaigdig ay baka may panukala sa iyong bansa.

Ang polyetong ito ay ipinapahayag ng gobyerno ng Kanada

Paano makakuha ng tulong sa Kanada

Ito ay ilang mga bagay na dapat malaman kung ikaw ay nasa ilalim ng pagkokontrol ng mga ilegal na negosyante.

9-1-1 Serbisyong Kagipitan

Pindotin ang 9-1-1 sa telepono kahit saang siyudad ng Kanada at ikaw ay kaagad makakonekta sa polisiya, departamento ng bombero at serbisyong ambulansiya. Ang sistema ay kusang magsasabi sa taong sasagot sa telepono kung saan ka. Hindi mo na kailangan pang magsabi ng ano man. Sabihin mo sa tao kung anong lingguwahe ang iyong salita. Baka sakaling mayroon tao doon na iyong maka-usap na makapagsalita sa iyong lingguwahe. Kung makapagsalita ka ng kaunting Ingles o Pranses, subukan mong ipaliwanag kung bakit ka tumawag. Ang taong sumagot sa iyo ay padalhan ka ng polis kaagad.

Tirahan sa oras ng kagipitan

Karamihan sa mga siyudad at bayan ay mayroong ligtas na lugar kung saan ikaw ay makapunta kaagad-agad kung ikaw ay walang lugar na matitirahan o kung ikaw ay nasa panganib at nangangailangan ng lugar na ligtas tirahan.

Doktor at pangangalaga sa hospital

Kung ikaw ay nagkasakit, ikaw ay makapunta sa tanggapan ng doktor o hospital. Sa ilang mga siyudad ay mayroong mga klinika ng pangkalusugan kung saan ikaw ay makakuha ng pangangalaga na walang sagot sa ano mang mga tanong tungkol sa iyo o anong trabaho mo.

Tulong ng komunidad

Maraming mga grupo sa Kanada na tumutulong sa mga tao na nasa magulong sitwasyon. Mayroong mga serbisyo sa mga nasa krisis dahil ginahasa, mga bahay sa mga babaeng ina-abuso, mga organisasyon ng mga baguhang dating sa Kanada, mga legal na klinika para sa mga taong hindi makakayang magbayad ng abugado, serbisyong katangi-tangi para sa mga nabiktima sa krimen at grupong pang-relihiyon na nagbibigay ng maraming iba't-ibang suporta at tutulong sa isa't-isa. Mahanap mo kung paano mo maabot ang mga grupong ito sa sentro ng komunidad, sa publikong aklatan, sa aklat ng telepono o magtanong sa mga tao.

Di makatarungang kondisyon sa trabaho

Sa mga batas ng Kanada ay kinakailangan ng mga pinaglilingkuran na magbayad sa kanilang empleyado sa nakatakdang pinakaunting bayad at magbigay ng ilan sa ibang benipisyo sa trabaho. Ang tanggapan ng Ministro ng Manggagawa ay makapag-bigay sa iyo ng impormasyon at tulong kung ikaw ay hindi binayaran ng hindi-sapat, hindi makakuha ng oras magpahinga o pinagtrabaho sa mapanganib na kalagayan.